
# Technical note
# Pag-uugali ng baboy at ang wastong pag-*handle* sa kanila

Introduksyon

Ang pag-*handle* sa baboy ay may kinalaman sa pagkakatugma-tugma ng tatlong pangunahing elementong ito: hayop, tao at pasilidad




1. *Mga hayop*: ang bawat hayop ay may sariling paraan ng pag-a-adjust sa sitwasyon at iba't iba ang kanilang reaksyon sa tao at kapaligiran

2. *Ang pasilidad*: ito ang paraan ng pag-plano para sa gamit o *"hardware"* at *"equipment"*

3. *Ang handlers*: kung paano ang kanilang pag uugali, pagtrato at kung ano ang tingin nila sa mga baboy.

Ang mga baboy ay may basic *instinct* at mayroon ding pag-uugaling natutunan nila mula sa ibang baboy – ang *instinct* at ugaling natutunan ay may kinalaman sa kanilang natural behavior at kanilang mga pangangailangan.

Maaaring magkaroon tayo ng impresyon na matigas ang ulo ng mga baboy kung hindi natin iintindihin ang kanilang pag-uugali. Iba't iba ang pag uugali ng bawat baboy at anumang negatibong karanasan nila ay maaaring magdulot ng takot sa kanila at maging mas lalo silang mahirap i-handle. Sila ay sanay sa pakikihalobilo sa kapwa nila baboy kaya't hindi nila gustong gumalaw nang mag-isa.

Mahina din ang kanilang *"depth vision"* – hindi nila matantya ang lalim ng hakbang pataas o pababa - kaya't hindi sila mahilig umakyat o bumaba ng hagdan o matarik na dalisdis . Maliwanag at maganda ang paningin nila sa kulay at *"wide peripheral vision"* kaya't madali silang matakot at mag-panic. Tulad ng karamihan ng hayop, may *"blind spot"* o di nakikitang bahagi ang mga baboy sa likod nila.

Bagama't hindi perpekto ang pasilidad ng isang *slaughterhouse*, subukang alisin ang distractions tulad ng bag, kahoy, basura, mga kadena, o maliliwanag na ilaw, atbp) bago ilipat o i-handle. Gumamit ng makikipot na daanan at kural na may konkretong pader at pantay na sahig. Iwasan ang pagiging maingay, pagkakaroon ng masyadong maraming tao kapag na nagha-*handle* o humahawak ng baboy.


Nais natin na tahimik at kalmado ang baboy kapag ito ay hinawakan o nilapitan. Ang sitwasyon na nais naman nating iwasan ay ang isang sitwasyon na umiiyak at sumisigaw ang baboy o di kaya'y nagpa*panic* at tumatakbo ito. Ang lebel ng *stress* sa mga hayop (at *handlers*) ay nababawasan kung ang lahat ng tatlong elementong nabanggit sa itaas ay tugma sa isa't isa.

Ang note na ito ay naglalayong suriing mabuti ang role ng *handler* ng baboy sa *slaughterhouse*.

Ang maayos na paghawak at pag *handle* ng baboy na napapakalma sila at hindi masyadong *stressed* ay nagagawa kapag may may kaalaman ang *handler* tungkol sa hayop na kanilang hawak. Higit sa lahat, ang pag unawa ng *handler* kung paano nakaka-apekto ang kanilang sariling pag-uugali o pagkilos sa mismong kinalalabasan at pagiging epektibo ng buong *handling process*.

## Ang Hayop at Lebel ng Aktibidad Nito

Ang mga gawain o akitbidad ng baboy at kanyang "*arousal level*" ay nagre-*range* mula sa pagiging antukin o pala-tulog ng hayop sa isang banda, hanggang sa pagiging masyadong stressed nito na maaaring mag udyok sa isang baboy na tumakbo, lumaban o di kaya'y hindi na lamang kumilos dahilan sa matinding pagkatakot.




Kapag kailangang hawakan o -ihandle ang baboy, ang layunin ay pataasin ang activity levels sa punto na sila ay kusang loob na gumagalaw papunta sa tamang direksyon at sa tambilis

Kapag masyadong ini-*stress* ang mga baboy, nagiging balisa, matatakutin at maaaring agresibo ang baboy. Mas mahirap silang i-control o papuntahin sa isang direksyon kaya't mas matagal ang trabaho na ilipat sila sa isang lugar at tumataas ang *stress levels* nila.


Ang "Flight Zone"

Lahat ng hayop (at tao) ay may *imaginary area* paikot sa kanila kung saan komportable sila sa pagkakalayo nila sa iba pang hayop o tao. Ito ay ang kanilang "personal space". Kapag nakapasok ang *handler* ng baboy sa "personal space" na ito ay tatakbo sila o lalayo kung may di-kilalang tao na pumasok sa personal space na ito. Kapag nakaramdam na ang baboy na papalapit ang tao sa kanya at gusto siyang hawakan o hulihin, *instinct* na nito na lumayo o di kaya'y tumakbo para maka-alpas sa taong lumalapit sa kanya at natuturingan niyang banta sa kanyang buhay.

Ang lawak ng *flight zone* ay depende sa uri at karanasan ng hayop. Ang mga baboy ay hayop na likas na lumalaban sa mga *predators* o kalaban nito at mas maliit ang kanilang "*flight zone*" kesa sa mga *grazing / prey species* o mas maamong hayop na tulad ng tupa at baka. Ang mas maamo o *docile* na uri ng hayop at mga baboy na mas maraming positibong karanasan sa bukirin ay mas maliit ang *"flight zone"*.

Ang pag-unawa tungkol sa konsepto ng "flight zone" ay mahalaga sa pag impluwensya, pag-udyok at pag control sa paggalaw ng mga baboy. Upang sumunod ang isang baboy o isang grupo ng baboy:

- Tumayo sa dulo ng *flight zone* sa likod ng baboy sa gawing kanan o kaliwa.
- Pumasok sa flight zone boundary (position A) para gumalaw pasulong ang baboy.
- Habang gumagalaw pasulong ang baboy, samahang umusod papunta sa unahan habang nasa loob ng *flight zone*.
- Ang direksyon ng paggalaw ay mako control sa pamamagitan ang pag-*adjust* sa pagtabi sa kaliwa o kanan ng baboy upang patuloy itong gumagalaw ng diretso at patungo sa kung saan mo ito gustong papuntahin.
- Pumunta sa labas ng *flight zone* at tumigil, mapapansing kusang titigil din sa paggalaw ang hayop.





Kapag ang handler ay masyadong malapit sa *flight zone* ng hayop, ang baboy ay maaaring tumakbo papalayo sa kanya o di kaya'y, pag ito'y nasukol, pipiling tumakbong pabalik ng baboy upang malampasan nito ang papalapit na *handler*.

Maaaring palakihin o paliitin ang *flight zone*, at pwede ring maimpluwensyahan ang magiging reaksyon ng hayop sa pamamagitan ng kung paano lapitan ito ng isang *handler*. Ang pagiging kalmado at tahimik ay nakakapag-paliit ng *flight zone* samantalang ang pagtaas ng lebel ng ingay at ang masyadong paggalaw ng *handler* ay nakakapagpalaki naman ng *flight zone*.


Point of Balance

Makukuha ang *"point of balance"* sa pamamagitan ng pag guhit ng *"imaginary line"* na tumatagos sa balikat ng baboy.




Ang *point of balance* ay ginagamit ng *handler* para ma-kontrol ang paggalaw ng hayop. Pasulong na gagalaw ang hayop kung ang handler ay nasa likod ng *point of balance*. Ito naman ay aatras kung ang handler ay nasa harap ng *point of balance*.

Tignan ang larawan sa ibaba.




Handling Aids

Ang "handling aids", kapag ginamit ng tama, ay makakapaghikayat sa baboy na lumayo patungo sa nais na direksyon. Ito ay pwedeng maiuri o ma-klasipika ayon sa kanilang

a) **Boses, palakpak, rattles at flappers** – ay handling aids na gumagamit ng ingay o tunog upang mahikayat ang pag galaw ng baboy, ngunit magkaroon ng di inaasahang pag galaw na dulot ng pagkagulat ng mga hayop sa ingay na hindi lamang nagmumula sa iisang direksyon.



**b)** Ang mga **harang** at **paddle** o **bats** ay ginagamit na pangharang sa nakikita ng baboy upang sila ay gumalaw pasulong o paurong at harangan ang kanilang daan sa pagtakas kung sila ay lumalakad papunta sa maling direksyon.






c) **Hand pressure** o ang banayad na pagtulak o paghawak sa hayop upang gabayan sila sa kung saang direksyon sila dapat lumakad ay isang uri rin ng pag kontrol sa kanilang galaw. Ang mga matutulis at matitigas na bagay ay hindi dapat ginagamit na pagtulak sa hayop.



d) **Electric goads** na kinukuryente ang hayop ay ang pinakahuling instrumentong dapat gamitin sa pagpapagalaw ng baboy. Sa maraming bahagi ng mundo ay hindi na pinapayagan ang paggamit ng mga ito.



Ang paggamit ng kuryente o **electric goads** ay ginagamit lamang

- Bilang huling pamamaraan (kapag hindi na umubra ang mga nauna pang mga nabanggit na instrument o pamamaraan)
- Sa pige o bandang puwet ng baboy
- Sa mga hayop na ayaw na talagang gumalaw
- Kapag may espasyo sa harapan ng baboy
- May pagitan na isang segundo sa bawa't pagkuryente

Ang paggamit ng **electric goads** o pagkuryente ay hindi dapat ginagamit nang paulit-ulit kung hindi na tumutugon / rumiresponde ang baboy dito. Kapag paulit-ulit itong ginamit sa isang lugar o lokasyon ay kailangan nang imbestigahan kung mayroon pang pisikal o iba bang balakid na iniiwasan ng baboy.

Ang paggamit ng *handling aids* ay kinakailangang kontrolado upang siguraduhing konti lamang ang *stress* sa mga hayop. Ang ibang baboy ay maaaring mas kailangan pang kumbinsihin na gumalaw kesa sa ibang baboy. Importante na ang pamamaraan ng pagkumbinsi o pag-udyok ay nangyayari lamang kapag hindi umubra ang naunang paggamit ng *boards*.

Ang mga hayop ay hindi dapat sinisipa, sinusuntok, hinihiwa (*slashing/marking*) o sinasaktan. Hindi sila hinahatak nang puwersahan at hinding-hindi dapat nilalampaso ang kanilang katawan sa sahig  o binabalibag. Ang pagsunog, paglunod o paglibing ng buhay na hayop ay labag sa batas (Animal Welfare Act). Bukod rito, ito ay gawaing hindi tama at hindi dapat ginagawa, may batas man sa *animal welfare* o wala.